

Ano ang hinihiling namin kapag nag-apply ka sa amin para sa pagkawala ng trabaho online

Kailangan mong ibigay sa amin ang ilang partikular na impormasyon kung nag-a-apply ka para sa mga benepisyong sa pagkawala ng trabaho online o sa pamamagitan ng telepono.

Kakailanganin mo ang:

- **Iyong numero ng Social Security.** Inaatasan ka ng pederal na batas na ibigay ito para makatanggap ng mga benepisyong.
- **Pangalan at address ng iyong pinakahuling employer,** gaano ka man katagal na nagtrabaho rito o kung anuman ang uri ng trabaho na ginawa mo.
- **Petsa kung kailan ka huling nagtrabaho** para sa iyong pinakahuling employer. Hindi tatanggap ang aming system ng petsa sa hinaharap. Kung nagtatrabaho ka pa rin, puwede mong gamitin ang petsa kung kailan ka nag-apply.
- **Mga pangalan at address ng lahat ng iba mo pang employer sa nakalipas na dalawang taon.** Dapat mong ilista ang lahat ng iyong employer para sa nakalipas na dalawang taon. Sa online na aplikasyon, may espasyo para maglista ng hanggang 16 na employer. Kung nagtrabaho ka sa mahigit 16 na employer sa nakalipas na 2 taon, dapat mong ihain ang iyong claim sa pamamagitan ng pagtawag sa center ng mga claim.
- **Mga petsa kung kailan ka nagtrabaho para sa lahat ng employer.** Gamitin ang iyong pinakatugmang pagtataya kung hindi mo maalala ang mga eksaktong petsa. Dapat mong iulat ang impormasyong ito sa amin dahil hindi ito ibibigay ng iyong employer. Ang iyong sahod at oras ng trabaho lang ang kanilang iuulat sa amin.
- **Kung karaniwang nakakakuha ka ng trabaho sa pamamagitan ng unyon,** ang **pangalan at lokal na numero** ng iyong unyon.
- **Kung pumasok ka sa military sa nakalipas na dalawang taon,** ang iyong **DD214**, anumang kopya ng miyembro, 2 hanggang 8.
- **Kung isa kang pederal na empleyado sa nakalipas na dalawang taon,** ang iyong **Pamantayang Form 8** (Standard Form 8, SF8)-- Abiso sa Mga Pederal na Empleyado Tungkol sa Insurance sa Pagkawala ng Trabaho (Notice To Federal Employees About Unemployment Insurance), at hindi kinakailangan ang **Pamantayang Form 50** (Standard Form 50, SF50)-- Abiso ng Pagkilos ng Tauhan (Notice of Personnel Action) pero makakatulong ito para mapabilis ang pagproseso sa iyong claim.
- **Kung hindi isang mamamayan ng U.S.,** ang iyong **numero ng alien registration** na inisyu ng Mga Serbisyo sa Citizenship at Immigration ng United States (United States Citizenship and Immigration Services, USCIS).

Huwag maghintay na mag-apply, kahit na hindi mo pa kumpleto ang lahat ng impormasyon. May bisa ang iyong claim sa Linggo ng unang linggong nag-apply ka.

Magbibigay kami sa iyo ng ilang tanong kapag nag-apply ka. Magkakaiba ang proseso depende kung nag-apply ka online o sa pamamagitan ng telepono. Maaari mong hilinging suriin ang sample na tanong sa aplikasyon o telepono para makapaghanda at makakalap ng impormasyon para makatulong na kumpletuhin ang proseso.

[Bumalik sa page ng Pagkawala ng trabaho \(Unemployment\)](#)

[Basahin ang pahayag sa privacy ng Seguridad sa Trabaho \(Employment Security\)](#)

Ang Employment Security Department ay isang employer/programa na may pantay na oportunidad. Available ang mga karagdagang tulong at serbisyo sa mga indibidwal na may mga kapansanan kung hihilingin. Available nang libre ang mga serbisyo ng tulong sa wika para sa mga indibidwal na may limitadong kasanayan sa Ingles. Serbisyo sa Paghahatid ng Washington (Washington Relay Service): 711